

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY RICKY ROSALES – DZMM
May 22, 2020 (8:14 A.M. -8:27 A.M.)

ROSALES: Spox, magandang umaga po sa inyo.

SEC. ROQUE: Magandang umaga po sa inyong lahat. Magandang umaga, Pilipinas. Hi, Ricky! And hi, DJ Chacha!

ROSALES: Yes, how are you, Spox?

SEC. ROQUE: Hello, magandang umaga po.

ROSALES: Bago natin puntahan iyong ibang mahalagang usapin doon muna ako, Spox, sa isyu ng information. Ngayon ang observation po,, parang may kaguluhan, kalituhan when in terms to information at iyong paggamit din po ng mga salita ngayon na alam natin sa gitna po ng pandemic eh napakahalaga pong aspect kung papaano magiging guided ang ating mga kababayan at alam na alam natin din iyong kontrobersya 'no. Ang kagandahan po, fortunately, nagkaayos na po kayo nung reporter ng kabilang himpilan po sa paggamit nga po ng "mass testing". Pero it seems iyong hearing po sa Mababang Kapulungan ng Kongreso parang lumutang na naman yata ito. May isa akong nabasa na artikulo na kino-quote po iyong naging pahayag ng Kalihim Secretary Duque ng Department of Health na ever since wala ho tayong mass testing daw, right, na ginagawa.

Well, siguro unang concern diyan Spox, papaano ba ang handling natin ng information dito po sa pagbibigay sa public nitong mga ganitong kasensitibo pong information?

SEC. ROQUE: Well, alam naman po ninyo, nag-isyu ng memorandum ang ating Executive Secretary na sine-centralize po ang communication sa ating tanggapan at saka kay Undersecretary Vergeire pagdating sa mga health-related matters. Ito nga po ay para maiwasan iyong iyong kontrahan sa panig ng iba't ibang taong magsasalita para sa gobyerno at para nga po kung may magkamali, eh di at least isa lang ang nagkamali.

Ako naman po kapag ako nagkamali, inaamin ko. Pero iyong naging insidente ko po talaga malinaw, dahil naka-tape naman po iyan. So, ako po talaga kapag ako ay naniniwala sa katotohanan, eh kapag nagkamali eh aaminin; kapag hindi nagkamali, hindi naman po kailangang aminin.

ROSALES: Kasi, iyon nga eh, parang sa gitna po ng pandemic, Attorney, parang hindi dapat i-belittle o gawing maliit na isyu lang din iyong mga ganyang bagay ano po dahil talagang nagdudulot—

SEC. ROQUE: Kaya nga po. Nag-explain ako na ganoon iyong aking naging reaksiyon na parang galit na galit ako kasi kapag panahon po ng pandemic dapat nag-iingat kasi ang tao takot, ang tao talagang naku-confuse, ang tao kinakailangan magkaroon ng reassurance that everything is under control. Kaya nga po nakikiusap ako na—sa aming opisina naman talaga pong tatapatin ko kayo, kapag gabi bago mag-press briefing, wala po talaga kaming tulugan, kasi palaging fact checking, verifying, vetting bago po natin ilabas sa ating mga press briefing.

ROSALES: So kung ganiyan, Spox, kasi ako iyong sigwada ng isyu halimbawa doon sa una ninyong naging controversy na sinasabi po ninyo, well, misquoted or out of context, nakukuha ko iyong punto ninyo eh; pati naman iyong kay Secretary Duque sa paggamit po ng “mass testing”. Kasi nga hindi naman porke’t mass eh sasabihin natin na buong populasyon o kalahati ng populasyon. So para tuldukan iyon, wala ba kayong plano as a policy na huwag gamitin iyan na mass testing at talagang universal testing o sa Tagalog nga, Spox, ang iniisip ko diyan, mas magandang gamitin natin ay maramihang testing na lang eh.

SEC. ROQUE: Well, ang akin po, ang kinagalit ko kasi ang lumalabas ay walang polisiya na mag-test ang gobyerno, ganoon po. Hindi nga tini-test ang lahat ng ating mga 110 million Filipinos pero iti-test po natin, ang tawag natin “targeted testing”. Ang tina-target po talaga natin ay 1 to 2% ng population at doon sa mga epicenters gaya ng Metro Manila hanggang 10%. Now, nasaan na po ba tayo ngayon? Eh bumili na po tayo ng 1.6 million na test para sa ating mga kababayan na PCR at bumili na rin tayo ng 2 million na rapid test kits. So this is together, 3.6 million, mahigit pa sa 2%. Tapos ang pribadong sector bumili na rin ng 1.2 million na rapid test kits. So, aabot na tayo ng hanggang limang milyong testing, so way above the 2% na international benchmark.

Kaya nga po, ganoon na lang ang galit ko kasi kapag sinabi mong walang polisiya sa testing eh parang binabalewala natin ang testing, which is very napaka-importante ng testing dahil habang walang bakuna, ang tanging pamamaraan na malaman natin kung nasaan ang kalaban natin eh sa pamamagitan ng testing. At siyempre matapos na mag-test positive ang isang tao, kinakailangan magkaroon ng tracing para malaman kung sino iyong nakahalubilo niya, kinakailangan magkaroon ng treatment.

ROSALES: Ayun! So malinaw nga po, once and for all, kung tutuldukan natin iyan, nangyayaring iyan, mass testing is just that your point is, the use of the word “mass” tama po ‘di ba, Spox?

SEC. ROQUE: Opo.

ROSALES: So iyon nga po, if we may suggest nga po, kung ganoon iyong gusto rin, kasi sina Secretary Duque ay natatanong po diyan, baka puwedeng once and for all, huwag nating gamitin iyon and let’s explain it talaga further na hindi ganoon. Kasi ako po, Spox, alam naman ninyo tayo ay nasa akademya rin tayo, iyong mga salitang hindi lang literal na dapat tanggapin ng tao kung hindi talaga eh may damdamin siyang kino-convey; mayroon siyang gustong ipahayag. So talagang kapag narinig natin iyong mass, may

mga nagkukumpara pa nga rito na bakit daw ba isyu, eh bakit iyong mass murder, mass wedding, eh malayo namang comparison iyon 'di ba. So, malinaw na mayroon tayong ginagawang maramihang testing. We are on the way na makapag-test ng aroun—ano nga po ba iyong goal natin, Spox?

SEC. ROQUE: Thirty thousand by PCR by May 31 per day.

ROSALES: Opo, opo, all right. So malinaw na iyon. Ngayon, dito ho sa mga lumalabas na issues, Spox, na alegasyon sa PhilHealth, iyong revelation ni Senador Ping Lacson, aware na ho kayo rito? Anong balak dito ng Palasyo, Spox?

SEC. ROQUE: Napakahirap po sa aking sumagot diyan kasi sa personal kong kapasidad bilang author din ng Universal Health Care Law eh nagsasampa ako... mayroon pa akong napakadaming pending na kaso laban sa PhilHealth. Kaya nung tinanong ako diyan sa Palasyo, sabi ko hindi na ako sasagot at sabi ko conflict of interest kasi nga ako mismo nagsampa ng kaso for korapsyon diyan sa mga matataas na opisyaes ng PhilHealth. Pero ni-refer ko na lang po iyang bagay na iyan kay Undersecretary Quitain dahil dati naman po ay nagkaroon na siya ng imbestigasyon sa PhilHealth ano, so alam na alam na niya ang landscape diyan sa PhilHealth.

ROSALES: But the President is so much aware dito ho sa mga usaping ito ngayon, Attorney?

SEC. ROQUE: Bibigyan ko po ng kumpirmasyon na nababahala ang Presidente lalung-lalo doon sa pagkakaiba ng presyo ng testing kit 'no, na kapag pribadong sektor ang bumili is 1,750,00; pero kapag gobyerno ang bumili ay 4 million. So nais po niya ng kasagutan.

ROSALES: And investigation?

SEC. ROQUE: And investigation 'no. Kasi hindi po nga niya maintindihan gaya ng buong sambayanan kung bakit ganoon kalaki ang discrepancy.

ROSALES: All right. Iyon pong ano, iyong mga issue of trust ngayon sa nangyayari like sa mga Cabinet officials 'no, Health Secretary Duque. Kumusta po ang tiwala ng Pangulo sa mga ... lalo na po sa mga nangunguna ngayon sa COVID-19 response natin?

SEC. ROQUE: Well, lahat naman po ng mga Kalihim ay they serve at the pleasure of the President. So hanggang wala pong inaanunsiyo na pagsibak ng isang Cabinet member eh ang presumption po is the President remains to have trust and confidence 'no. At kung kailan nga lang po ay pinuri pa ni Presidente si Secretary Duque ... iyon po.

ROSALES: So walang mangyayaring mga pagbabago, wala tayong inaasahang pagbabago sa mga susunod na araw, Spox?

SEC. ROQUE: Wala pa po akong alam. Bagama't kanina po ay may naanunsiyo ako na isang assistant secretary sa Office of Civil Defense po ay nasibak po sa puwesto because of lack of trust and confidence.

ROSALES: Sino po ito, Spox?

SEC. ROQUE: Si ano po, si Assistant Secretary Kristoffer "Toby" Purisima.

ROSALES: Purisima, Usec, all right. Tinanggap po ba ng Pangulo—

SEC. ROQUE: Asec.

ROSALES: Asec, oo. Tinanggap po ba ng Pangulo iyong resignation na ni Undersecretary Rio ng DICT?

SEC. ROQUE: Tinanggap na rin po iyong resignation ni Undersecretary Rio kasi nga po Pebrero pa niya sinumite ang kaniyang resignation. Nagpapasalamat po ang buong gobyerno at ang Presidente sa tapat ng paninilbihan ni Secretary Rio, siya po ay talagang competent at talaga naman pong mapagkakatiwalaan at wala pong bahid ang kaniyang karakter. At I will personally miss Undersecretary Rio dahil iyong una kong stint as Spokesperson, seatmate po kami sa mga Cabinet meeting.

ROSALES: Kasi you were also quoted saying din doon po sa—well, in connection doon sa tanong ko po sa trust 'no sa mga namumuno ngayon sa atin sa COVID-19 response na parang mayroong sintunado sa orchestra. Tama ho ba it? Accurate ba itong ganitong observation?

SEC. ROQUE: Sinabi ko po iyan.

ROSALES: All right. And then you were referring to whom, Spox?

SEC. ROQUE: Well, hindi ko po alam kasi kung saan nanggaling iyong datos na tayo po ay nasa second wave na 'no. Pero hayaan na po natin dahil nalinaw na po natin iyan na ang basa po natin sa tinatawag na first wave ay nagsimula po ito noong dumating iyong tatlong Tsinong turista na mayroon ng COVID-19, at nagpapatuloy hanggang ngayon. Hindi pa nga po natin tuluyang napa-flatten ang curve so hindi pa ho tapos iyong ating first wave na tinatawag. At ang panawagan po ng Presidente, gumawa po tayo ng hakbang, sa physical distancing, sa good hygiene para po maiwasan ang second wave.

ROSALES: Oo, kasi kasama din iyon doon sa observations, Spox, nga na in terms of information dissemination, information coordination, kasi you are supposed to announce din 'di ba. As IATF Spokesperson, sa inyo po manggagaling iyan so some people or a lot people would say ay medyo may katanungan din ho doon kung bakit doon sa ... hindi naman sa pag-control pero at least iyong pag-organize ng pagdi-disseminate po ng information ay kung saan-saan din po nanggagaling, Spox.

SEC. ROQUE: Well, kaya naman po tingin ko naintindihan na ng taumbayan ngayon, lalo na iyong mga kasama ko sa gobyerno kung bakit kinailangan magkaroon ng centralized information dissemination. Ang aking mapapangako lang po ay talagang pinag-iingatan po natin ang mga impormasyon, binibigay po natin sa lalong mabilis na panahon pero not to the extent po inaccuracy. Magkakamali at magkakamali po tayo dahil tayo ay tao lamang pero gumagawa po tayo ng hakbang para maiwasan iyan.

ROSALES: So would we expect, Spox, in the coming days kasi nasa quarantine pa ho tayo that we will be having a more organized information dissemination, Spox?

SEC. ROQUE: Ang tingin ko naman po ay organized naman po. Kaya nga lang po, Senate hearing iyon siyempre medyo natataranta iyong ibang kasama natin 'no, so medyo iba ang mga nasasabi. Pero by and large, until nangyari naman po itong insidenteng ito, tingin ko it has been centralized and it has been rather effective.

ROSALES: Mayroon lang pong pahabol na text dito, iyong mga na-stranded daw po ba sa Manila Bay ay ano po iyong latest sa kanila? Pabababain na sila?

SEC. ROQUE: Well, kasi inaantay po iyong resulta ng PCR testing 'no. At ang aking pangako naman po, mayroon na po tayong malapit na coordination sa opisina ng ating National Task Force on COVID-19 at tayo na po ang maglalabas ng mga datos kung ilan na iyong mga lumabas na mga resulta. Dahil kapag daily ina-update po natin iyang numerong iyan ay mapipilitan silang tingnan kung sino iyong mga matagal nang nag-aantay ng resulta. So hayaan ninyo po, kinikilala po natin na dapat hindi naman dapat maghintay nang napakatagal ang ating mga kababayan diyan para sa resulta ng PCR testing.

ROSALES: And then siyempre iyong mga ... iyong ano din po, problemadong mga OFWs, Attorney.

SEC. ROQUE: Opo, opo, talagang first priority po natin ang mga OFWs kaya nga po doon sa hinahatid natin sila kung saan sila dapat pumunta, sisiguraduhin po natin na hindi naman sila kinakailangan na magtagal pa, not a day longer, sa kanilang quarantine kung ang dahilan ay iyong delayed na resulta ng kanilang mga PCR test.

ROSALES: All right, well-said Attorney Harry Salamat po sa inyong oras, Spox. Thank you.

SEC. ROQUE: Magandang umaga. Salamat din po.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center